Pinapanatiling Malusog ng Mga Bakuna (Mga Iniksiyon) ang Inyong Anak

Ano Ang Mga Bakuna?

Ang mga bakuna ay tumutulong upang maka-iwas ang inyong sanggol o anak sa pagkakasakit. Karamihan ng mga bakuna ay ibinibigay bilang iniksiyon, pero mayroon kung ilan, tulad ng rotavirus, na ibinibigay sa pamamagitan ng pag-inom. Tumatalab ang mga ito sa pamamagitan ng pagtulong sa katawan na lumaban sa sakit. Sa karamihan ng mga kaso, naiiwas ng mga bakuna ang inyong anak sa pagkuha ng mga malubhang sakit. Kung magkasakit man ang inyong anak, mas malamang na higit na mas malumanay na kaso lamang ito.

Kailan Kailangan Ng Aking Anak Na Magpabakuna?

Importanteng magpabakuna ang inyong anak sa natatamang panahon. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan ng inyong anak na makipagkita sa isang doktor para sa mga bisita kaugnay sa pangangalaga ng mabuting kalusugan. Sundin ang iskedyul na ibinibigay sa inyo ng inyong doktor. Dalhin ninyo ang tala ng mga bakuna (dilaw na tarheta).

Ligtas Ba Ang Mga Bakuna?

Oo. Maraming mga bata ang nagpapabakuna bawat taon. Taon-taong pagsusuri ang kinakailangan bago maaring aprobahan at gamitin ang isang bakuna. Minsan ay nagdudulot ng mga malumanay na side effect ang mga iniksiyon. Ang pinakalaganap ay ang pananakit o pamumula ng parteng iniiniksiyonan. Minsan ay maaaring magkaroon ng mababang lagnat. Bibihira ang anumang mas malubha dito. Tawagan ang inyong doktor kung mayroon kayong mga ikinababahala tungkol sa pakiramdam ng inyong anak matapos itong iniksiyonan.

Sanhi Ba Ng Autismo Ang Mga Bakuna?

Hindi. Ang autismo ay isang sakit na nakaaapekto ng normal na paggulang. Ipinapakita ng mga pagsusuri na hindi nagdudulot ng autismo ang mga iniksiyon. Ang pagganap ng autismo sa mga batang iniiniksiyonan at hindi ay magkapareho. May mga taong nag-aakala na may kaugnayan ang thimerosal (isang preserbatibong nagtataglay ng merkuryo na ginagamit sa ilang mga bakuna) at autismo. Bagama't hindi ito napatunayan kailanman, inalis na ang thimerosal mula sa lahat ng mga bakunang pambata na karaniwang ibinibigay sa Estados Unidos.

©2009 L.A. Care Health Plan. Isinagawa ng L.A. Care Health Plan habang nagtatrabaho nang kabalikat ang aming mga kinontratang kasosyo sa planong pangkalusugan, Anthem Blue Cross, Care1st Health Plan, Community Health Plan, at Kaiser Permanente. Magkasapi, nagkakaloob kami ng mga serbisyo kaugnay sa pangangalagang pinamamahalaan ng Medi-Cal sa County ng Los Angeles. **Immunizations (Shots) Keep Your Child Healthy (Tagalog)** RHE542 (2/09)